



Nakumpleto na ba ninyo ang inyong 'Bush Fire Survival Plan'?

PREPARE YOUR HOME, PREPARE YOUR FAMILY

Ang inyong 'Bush Fire Survival Plan' ay tutulong magbigay-proteksiyon sa inyo, sa inyong pamilya at sa inyong mga paboritong hayop.

BUSH FIRE SURVIVAL PLAN

PREPARE ACT. SURVIVE.

www.rfs.nsw.gov.au

Mag-download ng isang plano mula sa www.rfs.nsw.gov.au

Kompletuhin ang inyong plano kasama ng inyong pamilya at tiyaking alam nila ang gagawin. Panayang magpraktis nito at ilagay kung saan ninyo makikita ito.

PREPARE. ACT. SURVIVE.

PREPARE. dapat kayong gumawa ng mahahalagang desisyon bago magsimula ang panahon ng sunog.

ACT. Ang mas mataas na Pagsukat ng Panganib sa Sunog, lalong mas mapanganib ang mga kondisyon

SURVIVE. Maaaring magbanta ang sunog nang walang babala kaya dapat ninyong malaman kung ano ang gagawin upang makaligtas.



BUSH FIRE INFORMATION LINE

1800 NSW RFS
1 8 0 0 6 7 9 7 3 7

www.rfs.nsw.gov.au

PREPARE. ACT. SURVIVE.

**PREPARE.
ACT.
SURVIVE.**

PANGALAGAAN ANG INYONG PAMILYA.
PANGALAGAAN ANG INYONG BUHAY

Kung hihintayin munang lumaganap sa paligid ninyo ang sunog, maaari kayong mamatay. Maghanda ng inyong 'Bush Fire Survival Plan' sa araw na ito.



**PREPARE.****ACT.****SURVIVE.****PANGALAGAAN ANG INYONG PAMILYA. PANGALAGAAN ANG INYONG BUHAY**

PREPARE. (MAGHANDA)

Dapat kayong gumawa ng mahahalagang desisyon bago magsimula ang panahon ng sunog


Nasa panganib kayo mula sa mga bush fire kung nakatira kayo na malapit sa lupaing-kagubatan, lupaing-damuhan, lupaing may mabababang puno, o linang.

Maaaring makasindak ang isang sunog, na may malalakas na hangin, matinding init at apoy, at makapal na usok. Huwag gumawa ng mabilisan at mapanganib na desisyon. Ihanda ang inyong **'Bush Fire Survival Plan' (Planong Pangkaligtasan laban sa Bush Fire)**. Maagang ilikas ang mga matatanda, bata at may sakit na miyembro ng pamilya mula sa mga lugar na malamang maapektuhan ng sunog. Ang paglikas nang maaga ang pinakaligtas na opsiyon.

Ang inyong **tahanang inihandang mabuti** ay magpapalaki sa kaligtasan ng mga lumalaban sa sunog, at mas malamang na mailigtas sa bush fire kahit na lumikas kayo nang maaga.

ACT. (KUMILOS)

Ang mas mataas na **'Fire Danger Rating'** (pagsukat sa panganib ng sunog), mas lalong mapanganib ang mga kondisyon.



Alamin ang panganib sa sunog sa inyong lugar at ano ang kahulugan nito. Ang **'Fire Danger Rating'** ang dapat na unang pantulak sa inyo para kumilos at maaaring makapagligtas ng inyong buhay. Kapag ang rating ay **'Catastrophic' (lubos na kapahamakan)**, ang paglikas nang maaga ang tanging opsiyon upang mailigtas kayo.

Alamin ang mga pantulak sa inyo. Maging handang isagawa ang inyong **'Bush Fire Survival Plan'** nang may kaunti o walang babala.

PREPARE.**ACT.****SURVIVE.**

Tasahin ang inyong panganib sa bush fire at hanapin ang inyong **'Bush Fire Survival Plan'**, **'Fire danger Ratings'**, **'Bush Fire Alerts'** at **'Neighbourhood Safer Places'** sa www.rfs.nsw.gov.au

TANDAAN
na baka hindi kayo makatanggap ng mensaheng babala habang may sunog. Huwag umasa sa isa lamang na pinagkukunan ng impormasyong pangkagipitan, at maging handang kumilos.

SURVIVE. (MAKALIGTAS)

Ang mga sunog ay maaaring magbanta nang walang babala kaya kailangan ninyong malaman kung ano ang inyong gagawin para makaligtas. Alamin ang inyong **'Bush Fire Alerts'** (mga babala tungkol sa bush fire).

Ang **'Advice' (Payo)** ay nangangahulugang may sunog sa malapit at dapat ninyong alamin ang kasalukuyang nangyayari.

Sa **'Watch and Act' (Magmasid at Kumilos)**, may bush fire na papalapit at kailangan ninyong isagawa ang inyong **'Bush Fire Survival Plan'**.

Ang isang **'Emergency Warning' (Pangkagipitang Babala)** iay nangangahulugang maaaring nasa panganib kayo. Huwag maghintay ng direksiyon mula sa emergency services, dahil ang hindi pagkilos ay maaaring humantong sa kamatayan o kapinsalaan.

Kung nagpaplano kayong lumikas nang maaga, dapat kayong lumikas bago dumating ang sunog sa inyong pook. **Huwag manatili at magtanggol nang walang maingat na pagpaplano at paghahanda.**

Alamin ang iba pang daanan patungo sa isang **mas ligtas na lokasyon**. Alamin kung may isang **'Neighbourhood Safer Place'** (Mas Ligtas na Lugar sa Pook) sa inyong pook, ngunit tandaan na ang mga ito ay magagamit lamang bilang lugar na kahulihuhilang mapupuntahan.

Magkaroon ng **pang-back up na plano** kung sakaling hindi kayo makapunta sa isang mas ligtas na lokasyon.

